
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4: Depinisyon, Alamin!




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Depinisyon, Alamin**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Dolores R. Andalis

**Editor:** Jerickson D. Getizo

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo, Dinnah A. Bañares

**Tagaguhit:** Mark Anthony O. Taduran

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Gladys Judd D. Perez

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Depinisyon, Alamin!

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbibigay ng Kahulugan ng Salita sa tulong ng Pormal na Depinisyon.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagbibigay ng Kahulugan ng Salita sa tulong ng Pormal na Depinisyon.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.


Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Kumusta ka? Ikaw ba'y nahihirapang intindihan ang mga bagong salita na iyong nababasa at nakikita sa TV, internet o diyaryo? O maging sa iyong paligid? Ano ang ginagawa mo para malaman ang kahulugan nito? Gumagamit ka ba ng diksiyonaryo upang lubos mong maunawaan ang mga salita?

Sa modyul na ito ay mas lalo mong mapalalawak ang iyong kaalaman sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng mga pormal na depinisyon nito.



## *Subukin*

Subuking gawin ito.

A. **Panuto:** Tukuyin mula sa Hanay B ang pormal na depinisyon ng mga salitang may linya na nasa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

| **A** | **B** |
|---|---|
| 1. Dahil sa Covid19 nagkaroon ng lockdown sa buong Plipinas. | A. Proseso ng pagpapaunawa ng isang idea o konsepto. |
| 2. Isa sa mga inaasam ng aking ina ang makapagpatayo ng isang maliit na tindahan. | B. Halaga ng pera na nakalaan bilang pondo sa isang gawain o pangangailangan. |
| 3. Ipinaintindi ng guro sa kaniyang mag-aaral ang kahalagahan ng pagtitipid. | C. Permanenteng estado ng panunuluyan. |
| 4. Hindi makakapag-aaral si Rj sa darating na pasukan dahil kulang ang kanilang budget. | D. Estado kung saan ang lahat ay pinapayuhang manatili lamang sa kanilang mga tahanan. |
| 5. Kapag nakaipon ako ng pera sa ibang bansa, ako ay mamalaging maninirahan na sa aking pamilya. | E. Pangarap na nais makamit o matamo. |

**Panuto:** Ibigay ang kasingkahulugan ng salitang may linya sa bawat pangungusap sa ibaba. Nasa loob ng kahon ang pagpipiliang sagot. Isulat ang letra ng sagot sa kuwaderno.

| |
|---|
| **A. Lungga** - isang uri ng maliit na butas sa lupa o taguan ng mga hayop. |
| **B. Tumingala** – tumingin sa itaas o paitaas |
| **C. Pagngatngat** – nagtatama ang mga ngipin sa bibig |
| **D. Natinag** – naalis sa puwesto o kinatatayuan |
| **E. Pampang** – lupa sa paligid ng isang anyong-tubig tulad ng dagat at ng ilog |

________1. Ngumunguya ng dahon ang kambing dahil sa gutom.

________2. Ang tirahan ng kuneho ay nasa puno ng kahoy.

________3. Gumalaw ang aso mula sa pagkakatulog.

________4. Dati'y napakalinis tingnan at maaliwalas ang lupang katabi ng Ilog Pasig.

________5. Si Lorna ay napatingin sa langit dahil sa nabighani siya ng napakaliwanag na buwan.

---

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok. Alamin natin sa **pahina 16** ang wastong sagot sa mga tanong.

Saang antas ka nabibilang?

9-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
6-8 tamang Sagot – MAGALING
3-5 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0-2 tamang sagot – KAYA MO YAN



# Aralin Pormal na Depinisyon

Ang pagbibigay-kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon ay napakahalaga upang higit na maging malawak ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng paggamit ng diksiyonaryo.

## *Balikan*

Magbalik –aral ka.

Kailan mo huling ginamit ang diksiyonaryo? Paano at kailan mo ito ginagamit?

Ano-ano ang makikita natin sa isang diksiyonaryo? Dito ba natin makikita ang mga pormal na depinisyon ng mga salita?

***Magaling!***

*Ang susunod na aralin ay ang pagbibigay kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon.*



## *Tuklasin*

Magsimula rito.

**Panuto: Basahing mabuti ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba.**

# Libangan ni Joan

Dolores R. Andalis

Sumapit na ang buwan ng Abril at karamihan sa mga pamilyang nakatira sa Sta. Fe ay nagsilisan upang magbakasyon sa ibang lugar. Ngunit ang mag-asawang Caloy at Eunice ay nanatili sa kanilang munting tahanan, kasama ang unika iha nito na si Joan.

Isang araw natawag ang kanilang pansin sa tahimik na si Joan. Kaya tinawag nila ito kung bakit ito nagmumukmuk subalit hindi man lang ito umimik.

Sinabi ni Joan sa mga magulang niya na wala siyang mapaglilibangan. Iminungkahi ng kanyang mga magulang na gawin niya ang mga bagay na kanyang kinahuhumalingan.

Simula noon, napapadalas na ang pagpunta ni Joan sa kanilang bakuran. Sa tuwing siya ay pupunta roon mayroon itong dalang pala, kalaykay, pandilig at mga buto ng iba't ibang pananim.

Naisipan ng mag-asawang Caloy at Eunice na magtungo sa kanilang likod bahay. Namanghang nilapitan nila si Joan, Niyakap nila ito ng mahigpit na may buong paghanga at pagmamahal sa kagalingan at kasipagan ng kanilang anak.

Sagutin:

1. Tungkol saan ang kuwento?
2. Kung ikaw si Joan gagawin mo ba ang ginawa niya?
3. Malinaw ba sa iyo ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit?

Alam mo ba ang kahulugan ng mga ito?

| | |
|---|---|
| iminungkahi | kinahuhumalingan. |
| nagsilisan | magbakasyon |



Sa tulong ng Diksiyonaryong Filipino mayroon ka, hanapin mo ang katuturan ng mga salitang may salungguhit.

**Nakita mo ba?** **Mahusay**!

Kung hindi naman, huwag mag-alala. Maaaring ang ibang salita ay makita mo na sa pagpapatuloy mo ng ibang gawain

Tara ipagpatuloy mo na.

## *Suriin*

**Basahin natin ang mga pangungusap na hinango mula sa kuwento.**

Sumapit na ang buwan ng Abril at karamihan sa mga pamilyang nakatira sa Sta. Fe ay umalis upang magbakasyon sa ibang lugar.


**Alin ang salitang hinanap mo sa diksyunaryo, at ano ang katuturan nito?**

*umalis - pumunta sa ibang lugar*

*magbabakasyon - isang mahabang yugto ng pagliliwaliw;pag-iwan sa anumang pinagkakaabalahan*

Ang mga **salitang hinango** mo sa diksiyonaryo ay mga katuturan o kahulugan. Tinatawag din itong **pormal na depinisyon.**

Kung wala ka namang diksiyonaryo at wala sa iyong hawak na diksiyonaryo ang mga salitang narito, huwag mag-alala. May mga pangungusap na makatutulong sa iyo para mahanap mo ang kahulugan ng mga salitang bago sa sa paningin mo.



Samantala, halika at ipagpatuloy mo ang pabibigay ng pormal na depinisyon ng mga salita hango sa kuwentong iyong binasa.

**Ibigay mo ang pormal na depinisyon ng mga salitang nasa Hanay A. Gamitin mo ang iyong diksiyonaryo. Kapag nahanap mo, idugtong mo ng linya ang kahulugan nito sa Hanay B. Gawin ito sa iyong sagutang papel.**

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. namangha | A. pamamahinga |
| 2. kinahuhumalingan | B. nabigla |
| 3. iminungkahi | C. madalas na ginagawa |
| | D. Isinangguni |


Nasagutan mo ba nang tama? Naidugtong mo ba ang pormal na depinisyon ng mga salita?

**TANDAAN…**

Ang ***diksiyonaryo*** ay isang mahalagang sanggunian para higit pang mapalawak ang talasalitaan o bokabularyo ng gagamit.

Makikita sa diksiyonaryo ang mga salitang nakaayos nang paalpabeto na binibigyang – kahulugan o pormal na depinisyon upang maunawaan ng mambabasa.

***Pormal na Depinisyon*** – mga salitang pamantayan dahil ito ay kinikilala, tinatanggap at ginagamit ng karaniwang nakapag-aaral sa wika.




Anong mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?

Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?

Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:

◯ Lubos na naunawaan ◯ Naunawaan ◯ Naguluhan

## *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Sa loob ng kahon piliin ang letra ng mga salitang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| A. magsing-irog – dalawang taong nagmamahalan o nag iibigan |
| B. ingkong – matandang lalaki |
| C. maputik - tubig na marumi at maburak |
| D. pampang – lupa sa paligid ng isang anyong tubig tulad ng ilog. |
| E. batya – isang gamit na pinaglalabhan ng mga damit. |
| F. tahimik - isang kalagayang walang gulo |

__________1. Noon maraming puno ang nakatanim sa tabi ng ilog.

__________2. Ang aking lolo ay mahilig magkuwento tungkol sa mga nakaraang panahon.

__________3. Ang magkasintahan ay nagbabalak na magpakasal sa susunod na taon.

__________4. Ang mga labandera ay pumunta sa batis dala ang palanggana upang maglaba.

__________5. Sana'y manumbalik ang payapang kalagayan ng ating bansa pagkatapos ng COVID.

Kumusta? Nasagot mo ba ang mga tanong? Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 16**.

Magaling! Maaari ka nang magpatuloy.

**B. Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng salitang naka-italisado sa bawat pangungusap. Gumamit ng diksyunaryo. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang ***paghuni*** ng ibong pipit ay musika sa aking pandinig.

2. Hindi ***maaninag*** ng aking lolo ang mukha ng kaniyang anak dahil mahina na ang kanyang mga mata.

3. Noong kami ay bata pa, masaya kaming ***namamaybay*** sa aming bukirin.

4. Huwag kang ***sumuko*** sa mga pagsubok na dumarating sa buhay mo.

5. Sa ***munting*** bahay naninirahan ang mag-anak ni Mang Carlos.

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Pagsasanay.

Saang pagsasanay ka nahirapan?
___ Pagsasanay 1, o ___ Pagsasanay 2?

Gayunpaman binabati kita sa iyong tagumpay.





## *Isaisip*

Isiping mabuti…

Sa paggamit ng ____________magiging malawak ang iyong kaalaman sa pormal na __________ng mga salita.

## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng diksyunaryo at pagbibigay ng pormal na kahulugan ng mga salita, isagawa ang gawain sa ibaba.

**Panuto:** Basahin ang tula. Sa tulong ng diksyunaryo, alamin ang pormal na depinisyon ng mga salitang may salungguhit sa tula. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Bagyong Ambo**
Dolores R. Andalis




Sa gitna ng karagatang Pasipiko ika'y nabuo,
habang tumatagal paglaki mo ay di mapiho.
Maalinsangang panahon ito ay nagbago
sapagkat malakas na ulan at hangin ang dala mo.

Sa paglapit mo sa kalupaan
mga tao'y nagsisipaghandaan,
animo'y mga langgam
na nag iimpok sa pagsapit ng ulan.

Pagdatal mo sa lupa ika'y (1) bumulagta,
lakas mo'y (2) bumulagsak pababa sa lupa.
Kaya naman mga tao ay (3) nabulaga
sa pag (4) bulabog mo sa kalupaan, kanilang nakita.

Ang hangin mo'y (5) bumulahaw sa mga kabahayan.
Mga malawak na palayan at ari-arian
wala kang pinipili basta't iyong madaanan,
parang mga bulak na hinimay-himay na nagliliparan.



## *Tayahin*

Hanggang saan na ba ang iyong natutuhan? Naging malawak na ba ang iyong kaalaman sa pagbibigay-kahulugan ng pormal na depinisyon?

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag. Ibigay ang pormal na depinisyon ng mga initimang salita sa usapan na makikita sa pagpipiliang sagot. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1.





a. mataas na marka
b. pasang-awa
c. nakakaiyak na marka
d. mabibigyan ng pera

2.




a. magpunta sa botika
b. magpagaling
c. komunsulta sa doktor
d. bumili ng reseta

3. *Aling Annie, **nangangamba** po akong di namin makikita nang madalas ang tatay kong frontliner.*



a. nakaramdam ng pag-aalala at takot
b. galit
c. hinanakit
d. inis

4. *Totoong **maalinsangan** kahit gabi na. Kailangan kong maligo bago matulog.*



a. matinding init sa katawan
b. makulimlim
c. malamig
d. maginaw

5. *Inay, dahil sa **pag-aaruga** mo sa akin, ako po ay mag-aaral nang mabuti.*



a. pagmamahal at pag-aalaga
b. pagkatakot
c. pagkainis
d. pagpapakain

**Magaling!** Batid kong naging malawak na ang iyong kaalaman sa pagbibigay ng pormal na depinisyon sa mga salita. Ipagpatuloy mo ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.

## *Karagdagang Gawain*

Para mas lalong lumawak ang iyong kaalaman, at mas lalong mahasa ka pa sa pagbibigay ng pormal na depinisyon, gawin mo pa ito.

**Panuto: Ibigay ang pormal na depinisyon ng mga salitang may linya sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa kuwaderno.**


1. Dapat mong pakinggan ang <u>suhestiyon</u> ng iyong mga kaibigan sa paghahanap ng nawawala mong gamit.

2. Ang sino mang mananalo sa patimpalak ay bibigyan ng isang libong pisong <u>gantimpla.</u>

3. Ang tahanan na aking napuntahan ay <u>maaliwalas.</u>

4. Napakahalaga sa isang bata ang may <u>natutuhan</u> sa mga gawaing bahay.

5. Si Berto ay di matigil ang <u>pagpapalahaw</u> dahil sa sakit na nararamdaman niya.



# *Susi sa Pagwawasto*

### Isagawa

1. Lumaganap
2. Bumuhis
3. Nabigla
4. Gambala
5. Umihip ng malakas

### Tayahin

1. A
2. C
3. A
4. A
5. A

### Karagdagang Gawain

*Guro ang magwawasto

### Subukin

A.
1. D
2. E
3. A
4. B
5. C

B.
1. C
2. A
3. D
4. E
5. B

### Suriin

A.
1. B
2. C
3. D

Isaisip

Diksyunaryo
depinisyon

### Pagyamanin

A.
1. Pampang
2. Ingkong
3. Magsing-irog
4. Batya
5. tahimik

B.
1. Pag-awit
2. Makita
3. Naglakad
4. Bumigay
5. maliit

## *Sanggunian*

Almario, Virgilio – UP Diksiyonaryong Filipino 2nd ed., ANVIL Publishing Inc., 2010

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4, Unang Kwarter, Linggo 1, Araw 1 pahina 3-7

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph